# PAUNAWA SA HALALAN

## LUNGSOD NG PACIFICA
## MARTES, NOBYEMBRE 5, 2024

**IPINAHAHAYAG DITO ANG PAUNAWA** na ang isang Pangkalahatang Munisipal na Halalan ay gaganapin sa Lungsod ng Pacifica sa Martes, Nobyembre 5, 2024 kung saan ihahalal ang mga sumusunod na Tanggapan at Panukala:

## MGA OPISINA NG KONSEHO NG LUNGSOD NA PAGBOBOTOHAN

Para sa isang miyembro ng **Konseho ng Lungsod ng Distrito 1** para sa buong termino ng apat na taon na magtatapos sa Nobyembre 2028; at;

Para sa isang miyembro ng **Konseho ng Lungsod ng Distrito 4** para sa buong termino ng apat na taon na magtatapos sa Nobyembre 2028.

## PANUKALA NA PAGBOBOTOHAN

**IPINAHAHAYAG DITO ANG PAUNAWA** na ang sumusunod na panukala ay pagbobotohan sa Pangkalahatang Munisipal na Halalan sa Lungsod ng Pacifica sa Martes, Nobyembre 5, 2024:

| | |
|---|---|
| Dapat bang ipasa ang isang Ordinansa na nagtataas ng transient occupancy tax (binabayaran lamang ng hotel at iba pang panandaliang panuluyan ng mga panauhin) sa 15% na rate upang ipagpatuloy ang pagpopondo sa mahahalagang serbisyo ng Pacifica, tulad ng pulis, bumbero, 911 na pagtugon sa emergency; pagkumpuni ng mga kalye/lubak; mga programa ng kabataan/nakatatanda; paghahanda sa pagtaas ng lebel ng dagat; paglilinis ng mga basura sa mga dalampasigan; at makabuo ng humigit-kumulang $720,000 taun-taon na karagdagang kita hanggang sa tapusin ito ng mga botante at dapat sumailalim sa taunang pag-audit? | OO<br>HINDI |

**IPINAHAHAYAG PA RIN DITO ANG PAUNAWA** na ang pagsisimula ng paghahain ng nominasyon ay sa Lunes, Hulyo 15, 2024 nang 8:30 a.m. at magsasara sa Biyernes, Agosto 9, 2024 sa 1:30 p.m.; at

**IPINAHAHAYAG PA RIN DITO ANG PAUNAWA** na kung ang mga papeles ng nominasyon para sa isang karapat-dapat na kasalukuyang nanunungkulan ay hindi maihain bago ang Agosto 9, 2024 sa 1:30 p.m., ang mga botante ay magkakaroon ng hanggang Miyerkules ng Agosto 14, 2024 ng 5:00 p.m. na magnomina ng mga kandidato maliban sa (mga) taong kasalukuyang nanunungkulan para sa elektibong katungkulan ng kasalukuyang nanunungkulan na iyon; ang extension na ito ay hindi naaangkop kung saan walang kasalukuyang nanunungkulan na karapat-dapat na mahalal; at

**IPINAHAHAYAG PA RIN DITO ANG PAUNAWA** na ang mga kandidato ay dapat gumawa ng appointment upang makakuha at makapaghain ng mga dokumento sa nominasyon sa Opisina ng Kleriko ng Lungsod ng Lungsod ng Pacifica sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Kleriko ng Lungsod sa pagtawag sa telepono sa 650-738-7307 o sa pamamagitan ng email sa scoffey@pacifica.gov; at

**IPINAHAHAYAG PA RIN DITO ANG PAUNAWA** na ang botohan ay magbubukas sa pagitan ng mga oras ng 7:00 a.m. at 8:00 p.m. nang Nobyembre 5, 2024.

CNSB # 3832133